

Artikulo

ANG “KALIBRE 45” AT ANG PAKIKIBAKA NG MGA MANDIRIGMANG PILIPINO

Lorenz Lasco

Bahay Saliksikan ng Kasaysayan - Quezon City, Philippines

Abstrak

Itinuturing ang *M1911 .45 Automatic Colt Pistol* (ACP) na pinakatanyag na pistola sa buong mundo. Pangkaraniwang tinatawag natin ito na “kalibre kwarenta’y singko” o “kwarentay-singko.” Naging opisyal na baril ang M1911 ng *U.S. Army* noong 1911, bilang kapalit ng mas mabagal na iputok na .38 at .45 na mga kalibre ng rebolber na nauna rito. Kinailangan ng mga Amerikano ang malaking kalibre (.45) at mabilis na iputok na baril (*semi-automatic*), dahil sa hirap na inabot nila sa pagpapabagsak ng mga Pilipinong *bolomen* o *kris-men*, gamit ang mga naunang baril nilang nasabi. Naganap ang mga labanan noong 1899-1902 sa Luzon at Kabisayaan, at noong 1903-1913 sa Mindanao at Sulu. Kung gayon, ang nagsilang sa M1911 ay ang nasabing mga ninunong mandirigma na lumaban kontra sa Estados Unidos at bago pa noon, laban sa España.

ANG MGA NINUNONG MANDIRIGMA

Ang simulain ng paglikha sa pinakatanyag na pistol (tignan ang Larawan 1), ang *M1911*, ay maiuugat sa husay ng ating mga ninunong mandirigma noon pa mang dating panahon. Halimbawa, narito ang ilang pahayag mula mismo sa ating mga nakalaban noon, ilang dantaon na ang nakalipas. Mula sa mga Español, noong dantaon 17:

On the contrary, it must be said that the Indians are those who defend us from our enemies; for, in the presidios, who are the soldiers, who sail in the war fleets, who are in the vanguard in war? Could the Spaniards, per chance,

maintain themselves alone in this country, if the Indians did not aid in everything? (San Agustin 1725, 294).

Those Indians, mingled with Spaniards, serve as soldiers in war, and have proved excellent therein. Especially are the Pampangos valiant soldiers, who have performed and are daily performing valiant exploits at the side of the Spanish. They were at the taking of Terrenate [Maluku o Moluccas, sa Indonesia]; and, whenever occasion offers, they with other companies come to guard the city of Manila. They also serve as rowers and pioneers in expeditions by the fleets. On all occasions that offer, they serve your Majesty with their persons and possessions. The natives of the province of Tagalos [sic] do the same. They, together with those of the province of Camarinas [sic], serve both in war and in the building of galleons and galleys with great friendship and goodwill... (Grau y Monfalcon 1636, 148-149).

LARAWAN 1 Ang M1911 (M1911A1)



Ang M1911 (M1911A1) ng Estados Unidos ang pinakatanyag na pistola sa buong mundo (Listverse 2009). Ang kalibre nito ay .45 ACP (*Automatic Colt Pistol*). Ang diyametro ng punglo ay 45/100 ng isang pulgada, o 0.45". "Kwarentay-singko" ang karaniwang tawag natin sa baril na ito (Larawang mula sa Wikipedia 2003).

Noon namang nakasagupa ng mga Ingles ang mga Pilipino sa Maynila noong 1762, ito ang nasabi ng Heneral na Ingles William Draper tungkol sa ating mga ninuno, matapos niyang masaksihan ang tapang at tikas nila:

Had their skill and weapons been equal to their strength and ferocity, it might have cost us dear. Although armed chiefly with bows, arrows, and lances, they advanced up to the very muzzles of our pieces, repeated their assaults, and died like wild beasts, gnawing the bayonets (Tracy 1995, 47).

Ang nabanggit na “pangyuya sa mga bayoneta” ay maaaring tumutukoy sa senaryong siya mismong mandirigma ang lubos na magbabaon ng bayoneta sa kanyang sariling katawan upang higit na makalapit sa kalabang may bayoneta, para maabot niya ito ng taga ng kanyang tabak (Hurley 1936, 130). Ang ganitong tagpo ay madalas ding nasaksihan ng mga banyaga sa pakikipaglaban nila sa mga Moro.

Maaaring maisip ng iba, na kung ganoon pala kagaling ang ating mga ninunong mandirigma ay bakit tayo nasakop nang matagal ng mga kolonisador? Ibang usapin na ito. Ngunit ang isa sa sagot ay ang mabisang patakaran ng mga kalaban: *divide et impera* (hatiin at pagharian). Samakatwid, sa napakahabang panahon, pinag-uuntog ang iba’t ibang rehiyon laban sa isa’t isa. Kaya hindi tayo nagkaroon ng pangkalahatan at mabisang pag-aaklas laban sa mga kolonisador. Ngunit ang pagkakahating ito ay huminto rin sa wakas, at humantong sa isang pambansang himagsikan na pinangunahan ng isang isang matatag na pinuno sa pagkatao ni Andres Bonifacio.

HIMAGSIKANG PILIPINO (1896-1898)

Matutunghayan sa Himagsikang Pilipino noong 1896-1898 ang iba’t ibang sandata ng mga mandirigmang Pilipino.

Ang Tagumpay ng mga Anak ng Bayan

Simple lamang ang mga pangyayari noon. Ganito ang sitwasyon: kakaunti ang may baril sa Katipunan. Samakatwid, patalim ang sandata ng karamihan, maging sa hanay ng mga regular na kawal ng Katipunan, o maging sa mga hindi hayagang kasapi, ang milisya, na tinatawag na mga *sandatahanes* o sandatahan.

Sa papel na ito, tatawaging sandatahanes ang lahat ng mandirigma na hindi baril ang sandata kundi patalim, gaya ng tabak, itak, gulok, sundang, talibong, pinuti, balaraw [punyal], sibat, at iba pa,¹ bahagi man siya ng regular na hukbo ng Katipunan o ng milisya.

Ang mga mandirigmang ito ay tinawag ding bilang “gulukan”² o “talibones,”³ katagang galing sa “talibong”⁴ o tabak. Kung minsan, “barilán” (Alvarez 1992, 272) ang tawag sa mas kakaunting kawal na riple o baril ang gamit.

Suma-tatal, sa kabila ng kakulangan ng mga baril, natalo pa rin natin ang mga Español. Kung gayon, tunay ngang mabisa ang mga indibidwal na kawal noon pati na rin ang pamumuno at mga estratehiya. Dahil malaking porsyento ng mga mandirigma ay mga sandatahanes, tunay ngang utang natin sa kanila ang tagumpay ng himagsikan.

Kasiglahan sa Pakikipaglaban ng mga Anak ng Bayan noong Himagsikan

Napakataas ng *morale* ng ating mga ninunong rebolusyunaryo, bago pa man magsimula ang mga labanan. Ayon sa tala ni Hen. Santiago Alvarez:

Masiglang-masigla ang lahat ng tao; wari ay walang nararamdamang pagod, puyat, balisa o pangamba man, at tila mga nag-aantay ng isang malaking kasayahang darating kinabukasan [29 Agosto 1896, na siyang umpisa ng Himagsikan]; kaya’t walang tigil nang paghahandaan ng kani-kanilang mga sandatang sangkap sa katawan (Salazar 1994, 147).

Namalas din sa mismong mga labanan ang sigla na ito. Ayon sa obserbasyon ng Konsul ng Pransya G. de Berard, na nasa Maynila noong mga panahong iyon:

[A]ng kapangahasan ng mga insurektong itong alam na alam nang may mga hakbang nang ginagawa [laban sa kanila] sa lahat ng panig, bumutas pa rin sila sa mga hanay ng depensa at nakarating sa pinakamalalayong distrito ng Maynila, at kahit na sila’y nasa mga pulutong na di gaanong armado [malamang ay ang mga sandatahanes o gulukan ang karamihan sa kanila] mamamalas pa rin ang kanilang disiplinadong pagtalima sa kanilang pinuno... [at] ang ilan sa mga Indiyos na napatay ay nagpakitang kawangis sila ng mga “juramentadong” Moro (mga Morong namamanatang pumatay at mapatay [sa isang pakikihamok]) ng Mindanao (Salazar 1994, 24).

May nakilahok ding kababaihan sa mga labanan. Si Ka Oriang o Gregoria de Jesus, ang kabiyak ni Andres Bonifacio, ay isa na rito. Ayon sa kanyang talambuhay, pamilyar siya at bihasa sa paggamit ng rebolber at patalim:

Ako’y si Gregoria de Jesus, taong tunay dito sa bayang Kalookan lalawigan ng Rizal. Isinilang ako ng araw ng Martes, ika 9 ng Mayo ng taong 1875, sa pook na pinagbaunan ng libolibong sandatang ginamit sa himagsikan at

pinagdausan din naman ng kasunduan ng mga punong naghimagsik bago lumabas ng bayan, lugar na tinatawag na Daang Baltazar noong araw at ngayo'y P. Zamora... (de Jesus 1928, 11).

Nang may isang linggo na kami [ni Andres, bilang mga bagong kasal] sa bahay ni G. Javier ay minarapat naming humanap ng sariling tahanan at kami ay nakakita sa daang Anyahan, tapat ng bisita ng San Ignacio noong araw at mula na noon ay nagsimula na akong gumawa ng boong sikap at labis na pagmamalasakit sa pagunlad at ikaayos ng lahat ng K. K. K. ng mga A. N. B. sa katunayan ay ang lahat halos ng kagamitan ng katipunan, kagaya ng revolver, sandata, balaraw [punyal], timbre at lahat ng kasulatan at kalihiman ay na sa aking pagiingat sapagka't sa aming tahanan nakatira ang Kalihim na Emilio Jacinto ng mga panahong yaon... (de Jesus 1928, 13).

Ilang mahalagang bagay na aking napagdanasan sa panahon ng himagsikan ay itong sumusunod: Nang ako'y kasama ng mga kawal ng naghihimagsik sa parang ng digmaan ay wala akong pangiming sumuong sa anomang kahirapan at sa kamatayan man, sapagka't wala akong nais ñg panahong yaon kundi ang mawagayway ang bandila ng kasarinlan ng Pilipinas, at palibhasa'y kasama ako at sumaksi sa maraming laban, kaya't kabilang din akong isa sa mga kawal at upang maging ganap na kawal, ako'y nagsanay ng pagsakay sa kabayo at nag-aral na mamaril at humawak ng ilang uri ng sandata [malamang ay tabak o gulok ito] na nagamit ko rin naman sa maraming pagkakataon... (de Jesus 1928, 18).

Masigla ang mga rebolusyunaryo dahil sa tamang paniniwala na ang tagumpay ng anumang himagsikan ay mas nakasalalay sa iisang pagkilos ng mga mamamayan. At noong mga panahong iyon ay tunay ngang iisa ang saloobin at kilos ng bayan.

Ang Pananandata ng mga Pilipinong Kawal sa Himagsikan

Gaano nga ba kakaunti ang mga baril ng ating hukbo noon? Batay sa iba't ibang tala, tunay ngang napakakaunti:

- Ilang araw bago sumiklab ang Himagsikan [29-30 Agosto 1896] habang binubuo ni Bonifacio ang mga kawal ng Himagsikan:

Hihigit at di kukulangin sa tatlong daang katao ang mga kasama ng Supremo Andres Bonifacio, at ang mga sandata'y itak, suligi [maliit na sibat], at balaraw [punyal o kutsilyo, tingnan ang Larawan 2]; labingdalawang

LARAWAN 2 Mga Punyal ng Panahong Himagsikang Pilipino



Bukod sa mga sandatang baril at mahahabang patalim kagaya ng gulok at sibat, marami sa mga kawal at opisyal ng Katipunan ang may dala ring punyal. Ang nasa itaas ay mga halimbawa ng punyal noong mga panahon na iyon. Parehong *tres cantos* (sa *cross-section*) ang yari ng mga patalim, na yari sa asero. Makikita rin sa halimbawa sa ibaba ang nakaukit ng tatsulok at “mata” sa loob nito. Malamang ay itinuring ang simbolo na ito na anting-anting ng dating may-ari. Ang ganitong simbolo ay madalas ding makita sa mga anting-anting na medalyon ng mga rebolusyunaryo. Ang disenyo naman na mga dahon at bulaklak ay maiuugnay sa kaparehong disenyo na makikita sa *epaulette* sa balikat sa uniporme ng mga opisyal ng Katipunan. Ang puluhan ng punyal sa itaas ay yari sa sungay ng *albino* na kalabaw. Ang puluhan ng punyal sa ibaba ay yari sa kahoy (Mga larawang kuha ni Sorin Barbulescu [itaas] na ipinadala sa may-akda at may pahintulot na mailathala at mga larawang kuha ng may-akda [gitna at ibaba] ng mga punyal na parehong nasa koleksiyon ng may-akda).

rebolber na maliliit, at isang eskopeta-de-piston [isang uri ng riple na binobombohan ng hangin sa pamamagitan ng kalakip na piston, na siyang nagpapatalsik ng bala nito], pamaril ng ibon at pag-aari at gamit na sarili ng isang nagngangalang tininteng Manuel...

At pagkalipas ng ilang araw lamang [23 Agosto 1896], ay umabot na sa humigit-kumulang 500 ang kanilang bilang, at [n]agbukas din ng kamalig [si Tandang Sora] ng kanyang maraming palay, nagpabigas at nagpapatay ng mga hayop na ipinakain, at doon tinanggap ng Supremo and isang daang gulok na gawang Meykawayan na ipinadala ni G. Arcadio de Jesus, sa tagubilin ni tininting Apolonio Samson (Salazar 1994, 141).⁵

- Makikita rin sa *Kartilyang Makabayan* (Cruz 1922) ang estado ng pananandata ng mga Anak ng Bayan:

Ano ang inilaban ng mga kasapi sa “Katipunan”?—Ilang itak, bukaweng tinulisan, palasan, mga “revolver” na kinuha ng mga Katipunan sa Maestranza, dalawa o tatlong baril na naagaw sa mga sundalo ng pamahalaang Kastila (Cruz 1922, 41).

Bilang paglilinaw sa mga katagang ginamit ni Hermenegildo Cruz sa sipi sa itaas, ang “bukáwe” ay isang uri ng kawayan (*Dinochloa scandens*) na payat ngunit siksik ang puno, tuwid, at tumataas nang sampung metro, mahahaba ang biyas, at walang tinik (Almario 2010, 199).

Ang “palásan” naman ay uri ng yantok (tinatawag din itong *rattan* o *bejuco*) na ginagawang tungkod, baston, o pambambo. Ang palasan ay tumuturing din sa anumang yantok o kahoy na ginagamit sa kalis o arnis (Almario 2010, 891).

- Mas matindi pa ang “problema” sa baril ng ibang pangkat: Noong nagsimula ang pagbubuo ng napakamatagumpay na pangkat ni Hen. Pio del Pilar ng Makati ay wala ni isa sa isang libong kawal niya ang may baril! (Ochosa 1997, 31).
- Gayundin ang kalagayan ng hukbo sa Timog Luzon. Halimbawa, ayon kay Kol. Sr. Eustacio Maloles de Chavez na lumaban sa mga kabayanan sa paligid ng Bundok Banahaw, isa lamang sa apat niyang kawal ang may riple (Maloles 2011, 61).
- Gayundin ang sitwasyon sa Kabisayaan. Halimbawa, noong nagtipon-tipon ang mga Katipunero sa Aklan noong 1897, mahigit silang 1,000 na pawang nasasandatahan ng talibong, sibat, at pinatilos na kawayan (Barrios 2002, 149).

- Sa Antique noong 1898, ang pangkalahatang bilang ng mga rebolusyunaryong mandirigma ay 11,330 at ang may riple rito ay 430 lamang. Kagaya ng nangyari sa bawat lugar sa bansa, bago matapos ang taong 1898 ay lubusang natalo ng mga rebolusyunaryong puwersa ang lahat ng mga Español na nakalaban nila (Ricarze 2002, 157-159).
- Ganoon din ang naging kalagayan ng pananandata sa Capiz. Gaya ng nasabi, dahil nga labanang gerilya ang naging estratehiya noon, lubos na naging mabisa ang paggamit ng mga sandatang patalim (Amigo 2002, 178-179). Bukod pa rito, ginamit nila ang epektibong sinaunang sining ng pakikipaglaban, ang kalis o arnis (Lasco 2011, 5-7). Bago umatake ang mga Capiznon laban sa mga Español, nag-eensayo muna sila sa kanilang kalis sa ilang na lugar o sa madaling araw (Amigo 2002, 178).
- Gumamit ng palasan (pambambo, isa sa mga sandata ng sining ng kalis) bukod sa mga talibong, sibat, at baril ang mga rebolusyunaryo ng Negros Oriental sa pangunguna ni Hen. Diego del la Viña (Rodriguez 2002, 59).
- Pareho rin ang sitwasyon sa Pangasinan. Noong inatake ng Katipunan ang mga kalaban, kakaunti lang ang may baril sa 8,000 na kawal nila. Talibong (*“long sharp pointed bolos”*) ang sandata ng karamihan sa kanila (Basa 2002, 18).
- Sa 3,000 kawal ni Pio del Pilar bandang Hulyo 1898, kalahati lamang ang may baril. Ang natitirang kalahati ay mga sandatahanes na ang tanging hawak ay gulok o iba pang patalim ang armas (Ochosa 1997, 62).
- Bukod sa maraming sandatang patalim (tingnan ang Larawan 3 at 4) at ilang baril, gumamit din ng maliliit na kanyon (lantaka) ang mga rebolusyunaryong kawal (Lammoglia 2013, 16, 33, 163, 195, 203, 221, 263, 274, 280, 297, 301-302, 327-328, 342, 348-349, 361, 366, 374).

Masasabing lubhang umasa ang Katipunan sa mga sandatahanes at naipanalo nang mabilis at lubos ng ating mga ninuno ang himagsikan. Kaya nga napakalaki ng ambag ng mga sandatahanes sa pagkapanalo ng rebolusyon. Pinabatibay ito halimbawa ng tinuran ng isang opisyal ng hukbo sa Katagalugan na: “Ang mga puwersang gerilya ng Batangas, Laguna, at Tayabas ay kulang sa mga baril at bala, ngunit sila ay nakaasa sa kanilang mga sandatahanes” (Maloles 2011, 62).

Totoo ngang ninais din ng Katipunan na makabili ng maraming riple mula sa Hapon bago iputok ang himagsikan. Subalit malinaw rin sa kanila na kung hindi agad darating ang mga baril, handa pa rin silang lumaban, gamit ang mga sandatang patalim.

LARAWAN 3 *Sandatang Patalim mula sa Luzon at Kabisayaan*



Ang mga ito ay sandatang patalim mula sa Luzon at Kabisayaan—ang pinakamahabang patalim sa larawan ay mula sa Cebu at ito ay tinatawag doon na pinuti o talibong; ang natitirang apat na mga patalim ay mula lahat sa Luzon at ang tawag sa mga ito ay tabak, itak, gulok, o sundang. Sa Luzon ay karaniwang gawa sa balat ng hayop ang kaluban. Sa Kabisayaan, Mindanao, at Sulu naman ay palagi itong gawa sa kahoy (Larawang mula sa Foreman 1906, 485).

Makikita ang diskusyon dito mula sa tala ng pagpupulong ng Katipunan na pinangunahan ni Bonifacio, halimbawa, noong ika-3 ng Mayo 1896 sa Pasig at ika-17 ng Agosto 1896 sa Kangkong, Kalookan:

Mga kapatid:—ang sagot ng Supremo—Natatalastas ko na tayo’y salat sa mga sandata o sa mga kasangkapan at kagamitan sa isang pakikipagdigma, kung ito ang pag-uusapan; nguni’t walang makapagsasabing ang pilipino [sic] ay di may angking sariling tapang, at di may sariling pag-iisip sa pagtatanggol ng kaapihan; wala na tayong makikitang lalaki pang kaduwagan sa sinasabi ni Florante na ‘guniguning takot sa labanan’; dito ang ating pinag-uusapan ay ang paglaban at hindi ang sandata. Sakaling tayo’y lumaban na at kailanganin ang lalong mabubuting sandata, iya’y sa kaaway kukunin (Alvarez 1992, 247).

LARAWAN 4 *Sandatang Patalim ng mga Moro ng Mindanao at Sulu*



Ang pinakamagaganda at pinakamatitibay na sandatang patalim ng bansa ay gawa sa Mindanao at Sulu. Ang nasa gitna ay kampilan at ito ay ginamit ng mga Maranao at Maguindanao. Ang apat na nasa kaliwa ng kampilan at ang katabi sa kanan ng kampilan ay pawang mga kris (o sundang) na ginagamit ng lahat ng mga Moro (Maranao, Magindanao, Tausug, at iba pa); ang tatlong nasa pinakakanan ay mga barung na makikita lang sa Sulu bilang pambansang sandata ng mga Tausug; at ang nakahiga sa ibaba ay pira o gasah na gamit ng mga Yakan sa Basilan (Larawang kuha ng may-akda sa isang *postcard* buhat sa maagang 1900 mula sa sariling koleksyon).

Ang pulong ay sinimulan ng ika 8 ng umaga at natapos ng magtatakip silim na. Mainit at mahigpit ang kanilang pagtatalo. May mga ayaw munang gawin ang paghihimagsik sa kawalan ng sandata't baril na ilalaban, nguni't marami ang may ibig at ayaw nang magsiuwi sa kanikanilang bahay. Sa wakas ay pinagtibay din at bilang saksi ng pinagkasunduan, lahat ay nagsidukot at kinuha ang kanikanilang mga 'cedula personal' at pinagpupunit, tandang hindi na sila babalik sa kanikanilang bahay. Pagkatapos ay nagpangkatpangkat na (Cruz 1922, 40).

Lubos ang paniniwala ng Katipunan na maipapagwagi nila ang himagsikan dahil alam nila na ang tagumpay ng anumang himagsikan ay mas higit na nakasalalay sa sama-samang pagkilos ng pamayanan (Kimuell-Gabriel 2014).

Tungkol sa higit na kahalagahan ng sabay-sabay na pagkilos ng pamayanan, narito ang mismong pahayag ni Bonifacio, na sinulat noong ika-27 ng Agosto 1896, dalawang araw bago iputok ang himagsikan:

Mga maginoong namiminuno, kasapi at mga kapatid: Sa inyong lahat ipinatutungkol ang pahayag na ito. Totoong kinakailangan na sa lalong madaling panahon ay putlin natin ang walang pangalang [paggalang?] panglulupig na ginagawa sa mga anak ng bayan, na ngayo'y nagtitiis ng mabibigat na parusa at paghihirap sa mga bilangguan, na, sa dahilang ito'y mangyaring ipatanto ninyo sa lahat ng mga kapatid na sa araw ng Sabado, ika 29 ng kasalukuyan, ay puputok ang paghihimagsik na pinagkasunduan natin, kaya't kinakailangan sabaysabay na kumilos ang mga bayan-bayan at sabaysabay na salakayin ang Maynila. Ang sino pamang humadlang sa banal na adhikaing ito ng bayan ay ipinalalagay na taksil at kalaban, maliban na nga lamang kung may sakit na dinaramdam o ang katawa'y maysala, at sila'y paguusigin alinsunod sa palatuntunang ating pinagiiral.— Bundok ng Kalayaan, ika 28 ng Agosto ng 1896—ANDRES BONIFACIO (Cruz 1922, 43).

Bukod dito, maaari ring sabihing tunay ngang malalim ang pagkaunawa ni Bonifacio sa husay sa pakikipaglaban ng ating mga ninuno gamit ang iba't ibang uri ng patalim.⁶ Ang lahat ng mga kaisipang ito ay malamang nagbigay kay Bonifacio ng ibayong pananampalataya sa kakayahan ng mga Anak ng Bayan na ipagwagi ang himagsikan.

Sandatang Patalim vs. Baril

Maaaring isipin ng iba, paano kaya nagkaroon ng laban ang sandatang patalim na siyang gamit ng karamihan ng mga kawal, laban sa baril ng mga *Guardia Civil* at ng mga sundalong Español? May dalawang sitwasyon na dapat isaalang-alang: kumbensyonal na labanan at labanang gerilya. Sa unang sitwasyon, tunay ngang dehado at daig ng armado ng baril ang nakasandata ng patalim. Ngunit kaya pa ring maipanalo ng patalim ang laban, sa pamamagitan ng dami ng mandirigma at paggamit ng angkop na estratehiya. Makikita ito nang mas maigi sa ibaba. Sa gerilyang labanan ay napakalaki ng angat ng sandatang patalim laban sa baril.

Magandang tunghayan ang paglalagom ng isang Amerikanong manunulat noong dekada 1930, na tumira sa ating bansa at inaral mabuti ang mga bagay na ito. Ang naging konklusyon niya: tunay ngang higit na mabisa ang patalim kaysa baril sa labanang gerilya:

The rifle and the revolver and even the machine gun lose much of their authority in dense jungle. The visibility is poor and the firing range exceedingly short. The number of rounds a man can fire is limited; too quickly, the combat reaches close quarters. With a Krag rifle and a .45 Colt revolver, every [Philippine] Constabulary soldier of the later days had a potential firing possibility of eleven shots without reloading. He was often outnumbered twenty to one, or more than twenty to one. The principle of the campaigns involved, not the destructive possibilities of the eleven shots at his command; to be considered most was that grim element of time. In the face of a sudden bolo rush, the police often had time, for but two or three shots before the action was man to man. And against impossible odds.

For bruising shoulder-to-shoulder work, the native weapons [mga sandatang patalim] remain the best in that jungle scene that developed them. At close quarters, the Moro kris or the pulajan talibong have destructive qualities not surpassed by the modern automatic pistol or the sub-machine gun.

The passage of a high-velocity bullet through the body is killing but not immediately fatal; sometimes, in the heat of battle, men can remain on their feet, desperately wounded, for a lengthy period of time. But the last despairing swing of a bolo blade, in the hands of a dead man riddled with bullets, could be deadly. And the blow of an edged weapon has a finality about it; it knocks a man out of action quickly. Too, there is a mental menace in the facing of bright razor-edged steel (Hurley 1938, 377-378).

Hanggang sa kasalukuyan, kinikilala pa rin ang kapangyarihan ng patalim laban sa baril sa ilang partikular na sitwasyon. Halimbawa, kapag ang agwat ng may baril at ng may patalim ay hindi hihigit sa 21 na piye (mga 6 1/2 na metro), malamang na ang mapapatay ay ang may baril. Ito ay dahil bago mabunot at maiputok ang baril sa kalabang may patalim ay masasaksak o matataga muna ang may baril. Kaya ang mga kapulisan at iba pang nasa serbisyo sa buong mundo maging hanggang ngayon ay nagsasanay sa sitwasyong ito, sa pamamagitan ng tinatawag na *Tueller Drill*. Mapapanood sa isang bidyong pinamagatang “Duel Dilemmas: Should You Really Never Bring a Knife to a Gunfight?,” mula sa popular na palabas sa telebisyon na *Mythbusters* sa *Discovery Channel* (Rees 2012), na tunay ngang kadalasan, ay talo ng may patalim ang may baril kung malapitan at mabilisan ang labanan.


Dahil dominante sa Himagsikang Pilipino ang labanang gerilya (pagnanambang o malapitan at biglaang pagtutunggali), hindi kataka-taka kung gayon na naging lubos na mabisa ang mga sandatahanes laban sa nakabaril na mga kalaban nila.

DIGMAANG PILIPINO-AMERIKANO (1899-1913)

Magaganap sa Digmaang Pilipino-Amerikano ang kulminasyon ng pangangailangan para sa mas mabisang baril laban sa mga rebolusyunaryo: una, sa mga labanan sa Luzon at Kabisayaan (1899-1902), at pagkatapos, lalong iigting ito nang lumipat ang labanan sa Mindanao at Sulu (1903-1913) (tingnan ang Larawan 5 at 6).

LARAWAN 5


Mandirigmang Pilipino ng Luzon, Kabisayaan, Mindanao, at Sulu



Ang mas mataas na kalibre ng baril ay unang kinaailangan ng puwersang Amerikano noong Digmaang Pilipino-Amerikano dahil sa hirap patumbahin ng mga Pilipinong mandirigma. Doon sa labanan sa Luzon at Kabisayaan (1899-1902, kaliwang larawan) unang inireklamo ang pagiging inutil ng .38 na kalibre laban sa mga Pilipinong sandatahanes. At noong lumipat ang labanan sa Mindanao at Sulu (1903-1913, kanang larawan), laban sa mga Moro, ay lalo lang tumingkad ang nararapat na pagbabasura sa .38. Ang mga Pilipinong mandirigma sa buong kapuluan kung ganoon ang mistulang nagpasilang sa naging pinakatanyag at pinakamabisang pistola sa buong mundo—ang *Colt M1911* o “kwarentay-singko” (Larawang mula sa Wikipedia 2003, Wikipedia 2007, Dumindin 2014b, at Moroland History 2013).

LARAWAN 6

Baril at Gulok (o Talibong) ng mga Mandirigmang Pilipino



Noong Himagsikang Pilipino (1896-1898) at Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1913), napakakaunti sa mga kawal natin ang may baril. Ang malaking larawan sa itaas ay hindi tipikal kung armas ang pag-uusapan. Kalimitan ay isa lamang kada tatlo o apat na mandirigma ang may baril. Ang mga walang baril ay tinaguriang sandatahanes o gulukan o talibones. Ang mas maliit na larawan sa kanan, na ipinapalagay na mga Batangueñong kawal noong Himagsikan, ay siyang tipikal: sa limang sundalo ay isa lamang ang may baril. Ang pagtatagumpay laban sa España kung gayon ay malaking utang sa magiging na sandatahanes bilang mas nakakarami sa hukbong sandatahan (Larawang mula sa UM 1870-1925 at Dumindin 2014b).

Ang Digmaang Pilipino-Amerikano ay tila bukod tanging digmaang sinalihan ng Amerika na hindi nila ipinagdiwang o taimtim na inaalala. Hindi rin nila ito masyadong binibigyan ng pansin sa pag-aalaala ng kasaysayan nila. Halimbawa, sa tala ng Estados Unidos ng mga malakihang giyerang nilabanan nila (“Costs of Major U.S. Wars: Congressional Research Service Report for Congress”), wala ni anumang banggit sa Digmaang Pilipino-Amerikano (Daggett 2008), gayong mahigit doble ang nagastos ng Estados Unidos dito kumpara sa Digmaang Español-Amerikano, kagaya ng tatalakayin pa sa ibaba.

Bakit kaya hindi gustong gunitaing masyado ng mga Amerikano ang digmaang ito, gayong sa huli ay nagwagi rin naman sila? Baka dapat itanong, sa magkano nga bang

halaga? “Nabili” nila ang ating bansa mula sa España sa halagang \$20 milyon lamang. Ngunit ang gastos nila sa digmaang ito ay umabot ng \$600 milyon! (McCoy 2001, 93).

Ang nasabing halaga ay katumbas ng 2.3% ng *Gross Domestic Product* (GDP) ng Estados Unidos ng mga panahong iyon. Napakalaking halaga at gastos nito. Bilang paghahambing, ang Digmaang Español-Amerikano ay nagkahalaga lamang ng \$283 milyon (Daggett 2008).

Sa dami ng mga kawal nila na nagbuwis ng buhay, napakalaki rin ng naging karagdagang “bayad” nila. Ang namatay na sundalo nila ay 4,234, mula sa 126,468 na pinaikot sa kahabaan ng digmaan (tingnan ang Larawan 7)—ang estadistikang ito ay mas mataas nang 50% kung ikukumpara sa mga namatay nila sa Digmaang Vietnam (Fulton, 2007b).

LARAWAN 7 Nabuwis na Buhay ng mga Amerikanong Sundalo



Mahigit 4,200 na kawal ng Estados Unidos ang namatay noong Digmaang Pilipino-Amerikano (kasama sa bilang ang mga namatay sa sakit, at iba pa). Kung ihahambing ang numerong ito sa kada sundalong ipinadala para mag-*tour of duty*, mas malaki ng 50% ang namatay sa Digmaang Pilipino-Amerikano kaysa sa mga namatay na sundalo sa *Vietnam War* (Fulton 2007b, 2). Kaya bagaman nanalo ang Amerika sa digmaang ito, napakalaki ng ibinuwis nilang buhay. Bukod pa rito, tinatayang nasa \$600 na milyon (McCoy 2001, 93) ang nagastos nila sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Napakalaking halaga ng \$600 na milyon dahil mahigit ito sa 2.3% ng GDP ng Estados Unidos ng mga panahong iyon (Larawang mula sa Wikipedia 2011).

Kaya hindi kataka-taka kung bakit hindi maipagmalaki ng mga Amerikano ang pakikipagdigma nila sa atin, kahit ito ay naipanalo nila.

Sa digmaang ito, patuloy na umasa ang ating hukbo sa sandatahanes, dahil naroon pa rin ang kakulangan ng baril.

Sa Ilocos halimbawa, sa bawat limang kawal na nasa ilalim ni Padre Gregorio Aglipay at Hen. Manuel Tinio, karaniwang isa lamang ang may riple. Tabak o itak o pambambo (palasan) ang hawak ng apat (tingnan ang Larawan 8). Kahit na lahat ng Amerikanong sundalo ay may baril, hindi naging madali para sa kanila ang mga labanan. Sa isang Amerikanong ulat sa isang labanan, ganito raw ang nangyari, at ito ay tipikal: “*it was a fierce fight*” (Roth 1981, 173).⁷

Isa pang magandang halimbawa ang Cebu. Kalahati lamang ang may mga baril sa mga kawal dito. Mga talibones naman ang nalalabing kalahati (Mojares 1999, 55-56). Magkagayunman, nahirapan pa rin ang mga Amerikano. Sa katunayan, matagal nang naideklarang tapos ang digmaan, ngunit sa Cebu, tumagal pa bago tuluyang nasupil ang mga Cebuanong talibones.

Base sa mga nasamsam na sandata mula sa mga napatay at nahuling rebolusyunaryong taga-Biliran noong 1902, makikita ang kabuuan ng pananandata sa iba pang lugar sa Kabisayaan. Ayon sa ulat, sa 447 na napatay at 412 na nahuling mga “ladrones,” 144 na riple, 74 na rebolber, 4 na de-sabog (*shotgun*), isang kanyon, 134 na sibat, mga sundang, at iba pang sandata ang nakuha sa kanila (Borrinaga 2002, 130). Base rito, makakalkula na ang *ratio* ng baril sa patalim ay humigit-kumulang 1:4. Halos pareho ito sa estadistika sa ibang lugar sa kapuluan.

Ganoon din ang sitwasyon sa Katagalugan. May ilang Heneral kagaya ni Miguel Malvar na sadyang pinaliit ang proporsyon ng sandatahanes kumpara sa mga humahawak ng baril. Ipinatakaran ni Malvar na hindi dapat palagpasin sa 30% ang bilang ng sandatahanes sa bawat pulutong (Linn 1989, 132).⁸ Gayunpaman, napakalaking bahagi pa rin ang 30%.

Ang karanasan nina Hen. Pio del Pilar ay isa ring malinaw na patunay na mabisa ang pakikibakang sandatahanes:

By 18 February [1899], Del Pilar had gathered enough strength to come down from Antipolo with most of his men armed only with bolos for an attack on Malapad-na-Bato (the present day Fort Bonifacio) and Guadalupe... And the revolutionary paper La Independencia reported: “Pio del Pilar and his heroes

LARAWAN 8

Pambambong Gawa sa Kahoy



Makikita sa gitna ng larawan ang tatlong halimbawa ng antigong pambambo o palasan (Cruz 1922, 41). Nasa “Visible Storage” ito ng *Philippine National Museum* sa Maynila. Marami sa silid na ito ang buhat sa “*Bandholtz collection*,” kaya ipinapalagay na galing ang mga ito sa maagang 1900. Sa Ilokos noong Digmaang Pilipino-Amerikano, iniulat ng mga Amerikano na ang ilan sa mga Ilokanong rebolusyunaryo ay “*wooden swords*” ang armas (Roth 1981, 174). Maaaring kahawig ng tatlong pambambo sa itaas ang tinutukoy nila. Sa tandingan at labanang gerilya ay epektibo ang ganitong sandata (Larawang kuha ng may-akda na may pahintulot mula sa museo).

have won for themselves a foremost place in the annals of the present generation. Through the wilds of Malapatnabato [o Malapad-na-Bato], his intrepid bolomen showed once more and for all their undoubted efficiency at a time when musketry is powerless to make an end of the enemy. General Pio del Pilar, with marvelous intuition, sent his bolomen against a mass of American troops, as a huntsman lets loose his hounds to drive out the wild beasts trying to hide in the depth of the woods. The episodes of the last few days have been so brilliant and so numerous that it is difficult to find a parallel in history in great military achievement” (Ochosa 1997, 84).

Ang pinakamalaking pagkatalo ng mga Amerikano sa kabuuan ng paglagi nila sa bansa ay natikman nila sa pamamagitan pa rin ng patalim. Ito ay nangyari sa Balangiga, Samar noong Setyembre 1901. Pumangalawa ito sa *Battle of Little Bighorn* noong 1876 kung saan halos nalipol ang pangkat ni Hen. George Custer sa kamay ng mga Katutubong Amerikano. Ang Labanan sa Balangiga ang sumunod na pinakamalaking pagkatalo ng *U.S. Army* noong mga panahong iyon (Dumindin 2014a).⁹

Ang pangkat ng mga Amerikano ay pinangunahan ni Kap. Thomas W. Connell na nagtapos sa *U.S. Military Academy* sa *West Point* sa New York. Pagkatapos ng labanan at ayon sa opisyal na ulat ng mga Amerikano, sa 74 nilang sundalo, 36 ang namatay agad-agad, walo ang nasugatan na namatay rin pagkatapos, 22 ang mga sugatan na nabuhay, apat ang hindi malaman kung ano ang nangyari, at apat lang ang hindi nasugatan. Habang sa panig ng mga Pilipinong nasasandatahan lamang ng mga patalim, 28 lang ang namatay at 22 ang sugatan. Naagaw rin nila ang may 100 riple at 25,000 bala na naiwan ng mga Amerikano (Borrinaga 2003, 114).

Sa sobrang kahihyan at pagkasindak ng mga Amerikano sa pagkatalong ito, bilang ganti, napakarami nilang pinatay na sibilyan at sinirang ari-arian sa Samar.

Ang Pagbaha ng Reklamo sa .38 at .45 na mga Rebolber, at Ripleng Krag, at ang Simulain ng Paglikha sa M1911 (.45 ACP)

May kakaibang tibay ang pangangatawan ng mga rebolusyunaryong puwersa. Maraming beses na itong naisulat ng mga Amerikanong nakalaban maging ng mga nakasaksi ng labanan. Lahat sila ay namangha kahit magpahanggang ngayon.

Bilang isang halimbawa, noon ay may isang pulahan (ang tawag ng mga Amerikano sa mga “insurekto” sa Kabisayaan) na nabihag ang mga sundalong Amerikano. Nang sinubukan niyang tumakas ay pinagbabaril siya nang malapitan at apat na beses gamit ang .38 na kalibre na rebolber. Narito ang karugtong ng mga pangyayari:

He was finally stunned by a blow on the forehead from the butt-end of a Springfield carbine. [Tungkol sa mga tamang tinamo,] 1. Bullet entered chest near right nipple, passed upward, backward and outward, perforated lung and escaped through back passing through edge of right scapula. 2. Bullet entered chest near left nipple, passed upward, backward and inward, perforated lung and lodged in back in subcutaneous tissues. 3. Bullet entered chest near left shoulder, passed downward and backward, perforated lung and lodged in back. 4. Bullet entered tissues and escaped through wound on anterior surface of forearm. Treated at medical hospital, Borongan, Samar. Turned over to civil authorities cured [na hindi lumagpas ang isang buwan mula tinamo ang maraming tama ng bala].

An equivalent fortitude was displayed by the Constabulary's Filipino enlisted men, who, if wounded slightly, "merely wrapped an old rag round the place and went on" or, if seriously wounded, "lay down to die, bowing to the inevitable with uncomplaining philosophy" (Roth 1981, 107-108).

Napakalaking usapin at problema sa mga Amerikano ang naging hirap nilang pabagsakin ang mga rebolusyunaryong puwersa sa mga labanan sa Luzon at Kabisayaan. At ang problemang ito ay nag-umpisa noong 1899, ayon sa mga ulat na opisyal ng Amerika. Bilang isa pang paglalarawan ng mga pangyayari noon, tunghayan natin ang pangkaraniwang tagpo, noong 1899-1902 sa Luzon at Kabisayaan, bago pa man lumipat ang labanan sa Mindanao at Sulu, muli, mula mismo sa perspektibo ng ating mga kaaway:

Like all good guerilla fighters, the Filipinos were improvisers. They took advantage of the tropical topography with its exceptionally high grasses (well over six feet tall), dense jungles, and winding, constricted trails, to mount ambushes using a tactic called "the bolo rush." The Philippine bolo is a fearsome, short (16" to 18"), single-edged, razor-sharp cutting weapon. Every farmer had one and knew how to use it, whether for harvesting crops, hacking trails through jungle, or taking off a limb in a fight. Often as many as 100-200 'bolo men' would lie in ambush near a trail. When an American patrol came along in single-file, Filipino snipers would open fire, forcing the Americans to drop to the ground for cover. At a signal, the bolo men would rush the soldiers lying prone on the trail, willingly losing a large number to rifle fire in order to overwhelm the Americans by their sheer numbers and the ferocity of the charge. Commissioned officers and sergeants, armed only with the Colt .38 revolver, were a favored target.

Think about it! There you are, suddenly sprawled in the mud of a narrow jungle trail, scared as hell, hearing the thud of hundreds of feet and screams

in a language you don't understand. You can't see more than a few feet because of the thick grass and vegetation. Suddenly several blurry shapes are running towards you. And all you have in your hands is this "little popgun." It is not a question of getting off a quick shot or two. With the Colt .38, if you did not hit each attacker in a vital part, the head or heart, the bullet would go right through the man and by then or the man next to him would be on you. An avalanche of complaints were made to the Army's Bureau of Ordinance... (Fulton 2007b, 2-3).

Ang mga kaganapang nabanggit sa itaas ay naganap sa panahong 1899 hanggang 1902 sa Luzon at Kabisayaan. Ito ang unang kabanata ng mahabang labanan sa pagitan ng mga Amerikano at ng iba't ibang pangkat sa ating kapuluan. Dito rin nag-umpisang bumaha ang reklamo ng mga sundalong Amerikano sa kakulangan ng mga armas na ibinigay sa kanila—ang mga rebolber na kalibre .38 (*double action*, ngunit maliit ang kalibre) at .45 (malaki ang kalibre, ngunit *single action*), at ang ripleng Krag-Jørgensen.

Ang *double-action* na rebolber ay mas madaling gamitin, dahil ito ay maaaring paputukin kahit na nakababa ang *hammer* (*i.e.*, hindi nakakasa). Ang *single-action* na rebolber ay kailangan munang ikasa (hilahin paatras ang *hammer*), bago ito maiputok.

Dahil sa mga ito, kinailangan ng mga Amerikano ang mas malaking kalibre (ang .45) na mas mabilis ding iputok (*i.e.*, hindi rebolber). *Semi-automatic* ang magiging baril na ito. Ang isa pang katangian ng *semi-automatic* na pistola ay ito ay may *magazine* (maraming balang karga).

Pagdating ng 1911, sa wakas, lalabas ang M1911 na pistola (*i.e.*, ang kwarantay-singko). Mula noon, ito ang magiging pinakatanyag na pistola sa buong mundo hanggang ngayon (Listverse 2009).¹⁰

Ngunit bago tuluyang lumabas ang kwarenta'y singko, ibayo munang umigting ang pangangailangan para sa baril na ito. Higit na itutulak ito sa sumunod na labanan sa ating kapuluan, ang sagupaan ng mga Amerikano at ng mga Moro (tingnan ang Larawan 4).

Pakikibakang Moro (1903-1913)

Kung nasindak ang mga Amerikano sa tibay at tapang ng mga taga-Luzon at Kabisayaan, lalo namang namangha sila sa tikas ng mga Moro. Narito ang ilan sa mga rekognisyon ng mga Amerikano sa husay sa labanan ng mga Moro:

Even the veteran Indian-fighters [mga Amerikano nakipaglaban sa mga Katutubong Amerikano] among them had to learn that a Moro juramentado was more dangerous than a renegade Apache and twice as hard to kill (Hobbs 1962, 84).

In hand-to-hand combat our soldiers are no match for the Moro. If our first shot misses the target, we rarely have time to get off another... (Roth 1981, 15).

The Moros are a proud, haughty, warlike people... and one rarely found a Moro man who did not bear the scars of hand-to-hand fighting with kris, barong, or spear. The individual Moro is, on the average, from five-feet-five to five-feet-seven inches tall, solidly built, erect of carriage, [and wears] yards of colored sash around the waist in which is carried... the razor-sharp kris or barong. The hilt of the weapon is in front of the center of the body where it can be easily reached and instantly drawn from its wooden scabbard... You meet a Moro on the trail and he looks you straight in the eye. There is nothing menial or subservient in his make-up. Don't try to bluff him around or that kris will cut you down in a flash. I have seen it done (Roth 1981, 27).

Ang kahirapan sa pagpapabagsak sa mga Morong mandirigma ay kagilagilalas, ngunit pawang totoo. Ang mga tala sa ibaba ay mula mismo sa mga nakasagupa ng mga Moro, at ang mga ito ay ilan lamang sa maraming patotoo:

In March of 1904, [Maj. Hugh] Scott... cornered [Panglima] Hassan and two companions at dawn in the crater of an extinct volcano, Bud Bagsak. But despite the 400 soldiers crouched around the lip of the crater, Hassan started "shooting his Krag rifle at everybody he could see, getting a cavalry soldier through the pelvis and causing narrow escapes for Major Lewis, the surgeon, Captain Smedburg, and others," before he was finally felled by a .45 slug through both ears. "They wanted me to go down and see him," said Scott, "but I felt too badly over his death to want to go. They came back and said it was Hassan beyond doubt, and that he had thirty-two Krag balls through him and was only stopped by the Colt 45 [revolver]—the thirty-third bullet" (Roth 1981, 30).

Ang pambihirang tibay ng Moro na ito, ay naitala din sa ibang aklat tungkol sa pakikihamok ng mga Moro laban sa mga Amerikano (Fulton 2007a, 250).

Naging pangkaraniwan ang tagpong nasabi. Ang mga sumusunod ay mula sa isang Amerikanong nanirahan sa Mindanao hindi matagal pagkatapos noong mga panahong iyon:

Warned by the the shrill cries of the Moro and by the shrieks of the badly wounded American soldier, the main guard post poured a volley of the five Krag bullets into the advancing Moro. The krisman came on, apparently untouched. The sixth shot from the guard post broke the kris blade at the hilt, but the juramentado, weaponless now, closed rapidly and sought to get at the Americans with his bare hands. At a distance of five feet, a well-directed shot from a .45 caliber [revolver] pistol burst the Moro's heart and he dropped in his tracks to spray the guard post with a froth of blood. Examination disclosed that every bullet had found its mark, for there were seven bullet holes in the dead Moro's chest... (Hurley 1936, 193).

On April 6, 1907, one of these wild [Moro] men ran the streets of Jolo and succeeded in dropping three soldiers of the 4th Calvary before the bullets of the guard sent him to Paradise. The Moro ran directly into the fire of three soldiers on guard duty at the city walls and he was struck by eleven rifle bullets, any one of which would have been immediately fatal to a white man. But it was not until he had been struck over the head with a revolver butt that the Moro gave up the struggle... (Hurley 1936, 196).

The Moro loves the cold steel, and with his kris, barong, and campilane [tingnan ang Larawan 4 at 9] he carved an empire in the Philippines which lasted for years. His capacity to carry lead in the heat of battle, stamps him as a truly great fighting man. In his military history are found many references to this almost unbelievable ability to remain on his feet, even when riddled with bullets...

Experience in action against the Moro proved that the .38 caliber bullet was incapable of stopping the fanatic in time to save the soldier who had fired the shot. There were many cases in the stirring era of kris versus Krag when American soldiers were cut down by barongs in the hands of literally dead Moros (Hurley 1936, 239).

Narito naman ang karanasan ng isang Ingles, sa Mindanao at Sulu pa rin:

A field force of the British Constabulary captured three of the [Moro] bandits and placed them under the guard of three soldiers a vinta which was taken in tow by a steam launch. The Captain of the launch heard a cry aft in the vinta and hastened to the stern of the launch in time to see one of the Moros seize a kris and lop off the head of a guard. Instantly, the two remaining guards and the two prisoners leaped over the side of the vinta into the water.

LARAWAN 9 Pambihirang Palasan at Iba't ibang uri ng Sandatang Patalim



Iba't ibang sandata ng Kapilipinuhan na ginamit sa pakikihamok laban sa España, at paglaon, laban sa Estados Unidos. Ang mga ito ay mula sa koleksyon ng Museo Victor Balaguer, malapit sa Barcelona, España. Ang mga pangalan nito: tabak mula Luzon (a), mga kris mula sa Sulu-Mindanao (b at c), mga panabas mula Mindanao (d, e, at f), mga tabak mula Luzon (g, h, at i), kampilan mula Mindanao (j), at palasan na yari sa yantok, na may “ulo” na pambambo (k) (Larawang kuha ng may-akda).

The Moro with the kris made no attempt to escape after killing the guard. Instead he seized the tow rope and began pulling the vinta alongside the steam launch. The Captain fired three shots into the Moro, who fell across the stern of the launch but rose immediately to pursue the officer across the deck. Then the Captain fired three more shots into the Moro, again dropping him to the deck, but he again came to his feet and continued the pursuit.

After absorbing six shots from a heavy caliber British army pistol, the Moro was still full of fight and the terrified Captain was stalked on the deck of his own vessel.

The British officer, having emptied his pistol, now turned to run for a rifle but the Moro caught him, to deliver a terrible blow on the side of the head which knocked the Captain senseless into the engine room.

The pirate then moved forward to decapitate the helpless officer when his attention was attracted to the Chinese engineer. While he was hacking the engineer into small pieces, the Captain recovered consciousness and fired five rifle bullets into the Moro, finally dropping him dead on the deck (Roth 1981, 143-144).

Ang mga nasa itaas ay ilan lamang sa napakaraming patotoo sa galing ng mga Moro sa labanan. Ang mga aklat na *Swish of the Kris* (1936) at *Jungle Patrol* (1938) ni Vic Hurley ay mayaman sa mga kuwento tungkol sa katapangan ng mga Moro, at ng iba pa ring ninunong mandirigma natin.

Kronolohiya ng Kasaysayan ng M1911 ACP .45

Ang karanasan ng mga Amerikano sa kahinaan ng .38 at .45 na mga rebolber at ripleng Krag laban sa sandatahanes ng Luzon at Kabisayaan, at mga Moro ng Mindanao at Sulu ang nagbunsod ng paggawa ng M1911. Narito ang kronolohiya ng mga pangyayari:

1899: Pagsisimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano (Luzon at Kabisayaan).

1899-1902 at pataas: Pagbaha ng reklamo mula sa mga sundalong Amerikano tungkol sa kahinaan ng .38 at .45 na mga rebolber para itumba ng mabilis ang mga sandatahanes.

1903 at pataas: Pagbaha ng mga reklamo ng sundalong Amerikano sa kakulangan ng .38 at .45 na mga rebolber, at ng ripleng Krag.

1904: Pagsasagawa ng militar ng Estados Unidos ng *Thompson-La Garde Tests*, kung saan ang naging konklusyon ay hindi dapat bumaba sa .45 ang kalibre ng *handgun*. Mula 1904 hanggang 1908, nadeestino si Kol. Louis La Garde sa Samar-Leyte bilang pangunahing opereytor ng *U.S. Army*. Panahon ito ng kainitan ng pakikipaglaban ng mga Bisayang pulahan sa mga tropang Amerikano. Malamang, lalong nakumpirma ni La Garde na hindi nga dapat bumaba sa .45 na kalibre ang punglo, para mapatumba ang mga matatayang na mandirigma sa ating kapuluan.

1906: Pagsagawa ng kumpetisyon sa U.S. sa paglikha ng bagong *semi-automatic* na pistola na kalibre .45. Nilahukan ito ng mga sumusunod na kumpanya: *Colt, Bergmann, Deutsche Waffen und Munitionsfabrik (DWM), Savage Arms Company, Knoble, Webley*, at *White-Merril* (Wikipedia 2007).

1907-1911: Pagsubok at paghahambing sa mga gawa ng *Colt* (ang pistola na ginawa ng *Colt* ay mula sa disenyo ng bantog na si John Browning) at *Savage Arms Company*, bilang mga *finalist* sa kumpetisyon. Dito malalaman kung alin sa dalawa ang makakakuha ng kontrata mula sa militar.

1911: Pagpili sa entrada ng *Colt* bilang panalo sa kumpetisyon. Tinawag ang baril na M1911 (Model 1911) *Colt .45 ACP (Automatic Colt Pistol)*, bilang opisyal nakapalit sa .38 at .45 na mga rebolber.

1913: Pagsisimula ng produksyon ng M1911.

1913: Pagtatapos ng pakikibakang Moro sa Bud Bagsak.

1944: Pagdating sa Mindanao ng unang M1911 ay para gamitin ng mga gerilyang Pilipino laban sa Hapon (Fulton 2007b, 7).

PAGLALAGOM

Ano kaya ang siyentipikong paliwanag sa kahirapang patumbahin ng mga punglo ang ating mga ninunong mandirigma? Naisip tuloy ng mga banyaga na marahil ay umiinom ng narkotiko ang mga ito bago lumaban (Wikipedia 2003). Ngunit ito ay haka-haka lamang at walang basehan. Ang totoo, mas mahirap lumaban kung ang isang mandirigma ay nasa impluwensya ng narkotiko. Sa pagsusuri ng mga luma at bagong talasalitaan ng bansa, wala rin tayong makikitang may tradisyon tayo ng pagkain o pag-inom ng mga ganitong bagay, bago tayo lumaban.

May iba pang banyagang nagsabi na ito raw ay dahil sa ignorante ang mga Pilipino noon sa anatomiya ng katawan at sa pagtakbo ng mga lamang-loob ng katawan ng isang tao. Kaya, kagaya ng isang hayop, patuloy pa rin silang sumusugod kahit tadtad na ng punglo (Roth 1981, 245).¹¹ Hindi rin ito katanggap-tanggap dahil bukod sa mababang pagtingin sa mga hindi nila kabalat, wala ring matibay na basehan ang opinyong ito.

Ngunit ang higit na katanggap-tanggap na paliwanag ay matipuno at malusog lang talaga ang pangangatawan ng mga ninuno natin noon. Halimbawa, maraming pagkakataong

naglakbay magkakasama ang mga sundalong Amerikano at mga Pilipino (halimbawa, ang mga Macabebe), madalas, hilahod na ang mga banyaga sa paglalakad samantalang ang mga Pilipino’y tuloy pa rin at tila бага hindi nauubusan ng lakas (Segovia 1902, 116; Wikipedia 2014).

Bilang panghuling punto, sinasabi ng iba na ang M1911 ay kinailangang gawin para sa mga Moro lamang, at hindi para sa lahat ng mandirigma sa kapuluan (Wikipedia 2003). Dahil dito, kung minsan, tayo mismo ay nagtatalu-talo kung ano nga ba ang totoo. Ang katotohanan, kagaya ng mga natunghayan sa itaas, ang matitikas nating mga ninuno sa buong kapuluan ang nagsilang sa M1911. Ang mga pagtatalong ito ay maaaring isa sa mga “bagahe” sa ating isipan na nagbuhat sa palakad ng ating mga kolonisador na *divide et impera* sa napakahabang panahon. Marahil kailangan nang iwaksi ang pagkakahating ito. Higit na mahalagang alalahanin na tayo ay iisang bangsa, at magiting at matikas ang lahat ng mga naririto.

Talahuli

¹ “Tabak” ang tawag sa Luzon sa sandatang patalim na espesipikong dinisenyo para sa labanan. Ang “itak” at “gulok” naman ay tawag sa mga pangkaraniwang patalim sa Luzon na ginagamit parehas sa mga gawaing pambukid, at sa panahon na kailangang ipagtanggol ang sarili at ang mga minamahal at ari-arian. Ang “sundang” ay salitang kasingkahulugan ng tabak, itak, at gulok, at ginagamit ang terminong ito sa buong kapuluan. Sa Kabisyaan, ang salitang kasingkahulugan ng tabak ng Luzon ay “talibong” o “pinuti” (maputi dahil alaga sa hasa). Ang “balaraw” o “baladaw” ay salitang kasingkahulugan ng punyal, isang maikling sandatang patalim.

² Mga halimbawa ng gamit sa “gulukan” sa akda ni Santiago Alvarez (1992, 265-266): “Dumaluhong at sumugod ang mga Katipunan nang walang taos na pamamaril at pananaga nang mga gulukan. Nagtakbuhan ang mga kaaway...” at “...humarap ang Katipunang Bernabe Sunga at nagsabi ng: Naririto na po kami na pawang gulukan, saan po naroroon ang mga baril na aming gagamitin?”

³ Ang sabi sa akda ni William Henry Scott (1982, 217): “*There, in a house at No. 12 Mapa Street in Tondo, they executed an acta on March 16, 1898, which indicted that the Artacho incident had not produced any significant Ilocano-Tagalog dissension: The undersigned, having previously decided to take to the field of rebellion with their numerous host composed of bolomen [talibones] to oppose the harrowing crimes, secret shootings, tortures...*”

⁴ Mula sa akda ni Alvarez (1992, 272): “Binunot [ng katipunang Francisco de Castro] ang kanyang talibong at binigyan ng malakas na taga sa ulo [ang kaaway] sa itaas ng batok!”

⁵ Sa pagpapatuloy pa ng tala ni Alvarez:

Biyernes, ika-28 ng Agosto, 1896... Natalastas din ng sugong Genaro na ang mga sandatang nahahanda **ay labinlimang baril na remington** [Remington at malamang ay shotgun o “de-sabog” ang tinutukoy], hawak ng mga katipunang Bantay-Tubig sa tinatawag na “Deposito de Aguas Potables de Santulan.” **Isang riple at isang rebolber** na ibinigay ng Katipunang “Makinista;” Tomas Encho, na nahikayat sa pag-anib ng kanyang “ayudante,” katipunang Lorenzo Regino... Sabado, ika-29 ng Agosto, 1896... Nang mahigit na ika-10 oras ng umaga, inutusan uli ng Supremo Bonifacio ang katipunang Genaro, upang lakarin ang lahat ng Panguluhan ng Katipunan sa Mandaluyong **at pangalapin ng mga baril na**

magagamit, na dapat maihanda bago lumubog ang araw. Dahil sa utos na ito, ang katipunang Genaro ay madaling lumakad; pinaroonan ang mga Panguluhan at siniyasat ang mga kalagayan sa pananandata. Nakita niya, ang mga Balangay Sumikat na pinangunguluhan ng katipunang Guillermo Vasquez, ay walang mailalaban kundi **gulok, balaraw, sibat, isang riple, at isang remington**. Ang Balangay Liwanag, na pinangunguluhan ng katipunang Liborio de Guzman, **pawa ring mga sandatang patalim at dalawang baril na remington**. Ang Balangay Manalo, na pinangunguluhan ng katipunang Adriano Gonzales, **mga sandata ring patalim at isang baril ng eskopeta**. At ang Balangay Sinukuan, na pinangunguluhan ng katipunang Nonong, **mga patalim din at isang eskopeta** (Salazar 1994, 260-261) (akin ang mga diin).

⁶ Ang sigla at husay ng mga Katipunerong “barilan” (mga kawal na may riple o rebolber) at ng mga higit na nakararami na mga “gulukan” (sandatahanes) ay maraming beses ipinamalas nila. Halimbawa sa pagsiklab ng Himagsikan noong 30 Agosto 1896, sa pagsipi ni Zeus Salazar (1994, 154-155) kay Alvarez:

Sumigaw ng malakas ang punong Ramon Bernardo: -- Sisid!... Dumaluhong at sumugod ang mga Katipunan nang walang taos na pamamaril at pananaga nang mga gulukan. Nagtakbuhan ang mga kaaway sa paghanap ng kanilang kapaanyuan, upang makaiwas sa gayong gipit na subuan. Muling sumigaw ang punong Bernardo: -- Kubkubin!...

...[at dumating ang karagdagang pwersa ng kaaway] Ang Katipunan, na nalamangan sa mga sandatang pamatay, bagama't hindi sa dami ng tao, ay sumabog; datapwa't pagkarinig ng lalong malakas na sigaw ng punong Bernardo na: “Sisid, mga Kapatid!!!...” ay muling dumaluhong ang Kawal ng Bayan, at nang totoong magkagipitan na ng kalagayan sa pagpapangagaw ng kanikanilang buhay, ang Katipunan ay wala nang pinag-iwan sa mga Morong huramentado; baril-dito, baril-doon; taga rito, taga roon. Dahil dito'y kapwa napuksa at sumabog ang magkakalaban, na may mga sugatan at patay...

⁷ Ang mas mahabang sipi ni Russell Roth (1981, 173) sa sulat ng isang Kap. C.J. Rollis ng *34th U.S. Volunteers: “On April 16—1900 eight hundred (800) insurgents under the command of Padre Gregorio Aglipay, a notorious native leader and chief adviser Gen. Tinio, attacked this Post [Batac]. Among them were about one hundred and fifty (150) riflemen: the remainder were armed with bolos. I only had thirty (30) men with whom to oppose them. It was a fierce fight...”*

Mula pa rin sa akda ni Roth, na sipi mula sa ulat ng *Associated Press*, sa pamamagitan ng reporter nito na si Harold Martin, na may petsang 12 June 1900:

The priest's [Aglipay] followers fought with the recklessness of Mohammedan fanatics [sa “Badoc” sa Ilokandia]. They approached the American in three lines, with an advance guard of women arranged with the expectation that the Americans would not fire upon them. Behind the women were a line of bolomen and others armed only with wooden swords [pambambo o palasan, tingnan ang Larawan 8], no more dangerous than policeman's clubs, and behind the bolomen the riflemen. The women threw themselves flat upon the ground and sought shelter at the first fire, so that few of them were injured. The onslaught of the bolomen was like the descent of the Mahdi fanatics upon Kitchener's squad [sic] at Khartoum. They kept on coming faster than the soldiers could shoot them down, until they were so close that our cavalymen had not time to fire and load, but went at them with clubbed carbines” (Roth 1981, 174-175) (akin ang mga diin).

Nangyari raw ang labanan na ito sa “Badoc”, na malamang binibigkas nila na Badac. Ngunit ayon di kay Roth ay tila may kalituhang nangyari sa mga pag-uulat noon, dahil ang labanan ay nangyari talaga sa Batac (at hindi sa “Badoc” na ibang bayan, sa Ilocos Norte). Gayunpaman, kung saan man nangyari talaga ang labanan, ay maituturing na walang kailangang baguhin sa pag-uulat sa aspeto ng kagitingan ng mga Ilokanong babae at lalaki sa labanan na iyon.

⁸ Mula kay Brian McAllister Linn (1989, 132): “Both Cailles and Malvar were advocates of firepower over numbers; Malvar restricted the number of bolo-men to 30% of company strength, and claimed in 1901 that he had 7,000 firearms.”

⁹ Mula kay Arnaldo Dumindin (2014a): “The massacre shocked the U.S. public; many newspaper editors noted that it was the worst disaster suffered by the U.S. Army since Custer's last stand at Little Big Horn.”

¹⁰ Ang listahan sa Listverse (2009) ay tungkol sa pinakapopular na mga baril sa kasaysayan ng mundo. Ang una sa listahan ay ang M1911. Pumangalawa lamang ang popular na ripleng AK-47

¹¹ Mula kay Roth (1981, 245): “Elarth, pp. 96, 184. Perhaps the seeming indestructibility of Whitney's second assailant—and the many other Moros like him mentioned here—was best explained in 1896 by British Lt. Col. G.W. Fosberry, who won his Victoria Cross in action against Hindustani fanatics. Observed Fosberry: ‘With the civilized man, who knows to a nicety the locality of his principal organs and something of the effects that the presence of foreign bodies in his interior may be expected to produce, a comparatively slight wound (surgically considered) will often suffice to set him thinking of his spiritual condition or his other personal interests, rather than the business in which he may be engaged... But when we are fighting the Ghasi, the Zulu, or the Arab of the Soudan, the case is very different. Any one of these will make his rush, having his mind fully made up to kill you, or to be killed by you,... and he knows as little about his own insides as a tiger does’—quoted in Parson, pp. 81-82..”

Sanggunian

Almario, Virgilio, pat. 2010. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Quezon City at Pasig City: University of the Philippines Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, at Anvil Publishing, Inc.

Alvarez, Santiago. 1992. *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*. Tsln. Paula Carolina Malay. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Amigo, Ronald Acepcion. 2002. *Nasa Resistance and Revolution: Philippine Archipelago in Arms*, pat. Bernadita Reyes Churchill, 175-199. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Barrios, John. 2002. *The Katipunan in Aklan*. *Nasa Resistance and Revolution: Philippine Archipelago in Arms*, pat. Bernadita Reyes Churchill, 144-156. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Basa, Restituto. 2002. *Pangasinan & the Philippine Revolution, 1896-1898*. *Nasa Resistance and Revolution: Philippine Archipelago in Arms*, pat. Bernadita Reyes Churchill, 8-23. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Borrinaga, Rolando. 2003. *The Balangiga Conflict Revisited*. Quezon City: New Day Publishers.

- Cruz, Hermenegildo. 1922. *Kartilyang Makabayan; Mga Tanong at Sagot ukol kay Andres Bonifacio at sa Kataastaasan, Kagalangalang Katipunan ng mga Anak ng Bayan*. Manila: Hermenegildo Cruz.
- Daggett, Stephen. 2008. Costs of Major U.S. Wars: Congressional Research Service Report for Congress (RS22926). Websayt ng U.S. Navy, pinost noong Hulyo 24, <http://goo.gl/kgIOkQ> (nakuha noong Setyembre 13, 2014).
- De Jesus, Gregoria. 1928. *Mga Tala ng Aking Buhay at mga Ulat ng Katipunan*. Manila: Limbagang Fajardo, 1932.
- Dumindin, Arnaldo. 2014a. Balangiga Massacre, September 28, 1901. Websayt ng *Philippine-American War, 1899-1902*, <http://goo.gl/Jzhrqp> (nakuha noong Setyembre 13).
- Dumindin, Arnaldo. 2014b. The Philippine Army: From “Katipuneros” to “Soldiers.” Websayt ng *Philippine-American War, 1899-1902*, <http://goo.gl/NYoDAI> (nakuha noong Setyembre 13).
- Foreman, John. 1906. *The Philippine Islands: A Political, Geographical, Ethnographical, Social, and Commercial History of the Philippine Archipelago*. New York: Charles Scribner’s Sons.
- Fulton, Robert. 2007a. *Moroland, 1899-1906: America’s First Attempt to Transform an Islamic Society*. Bend, Oregon: Tumalo Creek Press.
- Fulton, Robert. 2007b. The Legend of the Colt .45 Caliber Semi-Automatic Pistol and the Moros. Websayt ng *Moroland History*, <http://goo.gl/9L8QiG> (nakuha noong Hulyo 31, 2013).
- Grau y Monfalcon, Juan. 1636. Military Services of Filipinos. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXV*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 148-150. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Hobbs, Horace Potts. 1962. *Kris and Krag: Adventures Among the Moros of the South Philippine Islands*. Washington: Horace P. Hobbs, Jr.
- Hurley, Vic. 1936. *Swish of the Kris: The Story of the Moros*. New York: New York: E.P. Dutton and Co., Inc.

- Hurley, Vic. 1938. *Jungle Patrol: The Story of the Philippine Constabulary*. Oregon: Cerberus Books, 2011.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. 2014. Panayam kay Nancy Kimuell-Gabriel ni Lorenz Lasco. Polytechnic University of the Philippines (PUP), San Juan City, Philippines.
- Lammoglia, Umberto. 2013. *Forgotten Warriors of the Katipunan: Selected Excerpts from El Comercio, Diario de la Tarde*. Manila: National Historical Commission of the Philippines.
- Lasco, Lorenz. 2011. Kalis: Ang Pilipinong Sining ng Pakikipaglaban Noong Dating Panahon. *Dalumat E-Journal* 2, blg. 2: 1-17.
- Linn, Brian McAllister. 1989. *The U.S. Army and Counterinsurgency in the Philippine War, 1899-1902*. Chapel Hill, North Carolina: The University of North Carolina Press.
- Listverse. 2009. Top 10 Greatest Firearms in History. Websayt ng Listverse, pinost noong Oktubre 7, <http://goo.gl/V3suxC> (nakuha noong Setyembre 13, 2014).
- Maloles, Leonidas. 2011. *Coronel Sr. Eustacio Maloles de Chavez: Jefe Superior Militar del Batallion Banahaw, Tayabas Province, 1898-1901*. Quezon City: New Day Publishers.
- McCoy, Alfred. 2001. The Colonial Origins of Philippine Military Traditions. Nasa *The Philippine Revolution of 1896: Ordinary Lives in Extraordinary Times*, mga pat. Florentino Rodao at Felice Noelle Rodriguez, 83-124. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Mojares, Resil. 1999. *The War Against the Americans: Resistance and Collaboration in Cebu, 1899-1906*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Moroland History. 2013. The Moros; Moro “Krismen” or Warriors from Jolo. Websayt ng *Moroland History*, pinost noong Mayo 7, <http://goo.gl/QF1EgA> (nakuha noong Hulyo 31).
- Ochosa, Orlino. 1997. *Pio del Pilar & Other Heroes*. Quezon City: New Day Publishers.
- Rees, Peter. 2012. Mythbusters; Duel Dilemmas: Should You Really Never Bring a Knife to a Gunfight? Websayt ng *Discovery Channel*, pinalabas noong Hunyo 10, <http://goo.gl/6QGhBh> (nakuha noong Setyembre 16, 2014).

- Ricarze, Aida M. 2002. *Antique in the Philippine Revolution in 1898. Nasa Resistance and Revolution: Philippine Archipelago in Arms*, pat. Bernadita Reyes Churchill, 157-165. Manila: National Commission for Culture and the Arts.
- Rodriguez, Caridad Aldecoa. 2002. *Negros Oriental and the Philippine Revolution. Nasa Resistance and Revolution: Philippine Archipelago in Arms*, pat. Bernadita Reyes Churchill, 56-79. Manila: National Commission for Culture and the Arts.
- Roth, Russell. 1981. *Muddy Glory: America's Indian Wars in the Philippines*. Hanover, Massachusetts: Christopher Publishing House.
- Salazar, Zeus. 1994. *Agosto 29-30, 1986: Ang Pagsalakay ni Bonifacio sa Maynila*. Quezon City: Miranda Bookstore.
- San Agustin, Gaspar. 1725. *San Agustin's Letter on the Filipinos. Nasa The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XL*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 183-295. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909.
- Scott, William Henry. 1982. *Cracks in the Parchment Curtain and Other Essays in Philippine History*. Quezon City: New Day Publishers.
- Segovia, Lazaro. 1969. *The Full Story of Aguinaldo's Capture [1902]*. Manila: MCS Enterprises.
- Tracy, Nicholas. 1995. *Manila Ransomed: The British Assault on Manila in the Seven Years War*. Devon, England: University of Exeter Press.
- University of Michigan (UM). 1870-1925. *Philippine Photographs Digital Archive, Special Collections Library*. <http://goo.gl/IGWTRA> (nakuha noong Hulyo 31, 2013).
- Wikipedia. 2003. *M1911 Pistol*. Websayt ng *Wikipedia*, pinost noong Enero 30, <http://goo.gl/LHh3> (nakuha noong Hulyo 31, 2013).
- Wikipedia. 2007. *M1911 A1 Pistol in .45 ACP by Remington*. Websayt ng *Wikipedia*, pinost noong Agosto 20, <http://goo.gl/DuXThz> (nakuha noong Hulyo 31, 2013).
- Wikipedia. 2011. *Coffins of American Soldiers Died in the Philippine-American War*. Websayt ng *Wikipedia*, pinost noong noong Abril 2. <http://goo.gl/mk8JV> (nakuha noong Hulyo 31, 2013).

Wikipedia. 2014. March across Samar. Websayt ng *Wikipedia*, pinost noong Agosto 27, <http://goo.gl/P6TNca> (nakuha noong Setyembre 13).